| | | *Technology Integration* | *Links* |
|---|---|---|---|
| **PANGALAN** | **SANTIAGO, FREDA MARIE C.** | | |
| **PAMAGAT** | Banghay Aralin sa Edukasyon sa Pagpapakatao<br>Baitang 9<br>Ikalawang Markahan | | |
| **MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO** | 5.2. Nasusuri ang mga paglabag sa karapatang pantao na umiiral sa pamilya, paaralan, baranggay/pamayanan, o lipunan/bansa | | |
| **MGA LAYUNIN** | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>PANGKABATIRAN:<br>• Nakakikilala ang mga nalalabag na karapatang pantao<br>PANGDAMDAMIN:<br>• Nakakabalikat ng mga pananagutan sa hindi paggawa ng mga naturang nakalalabag sa karapatang pantao<br>SAYKOMOTOR:<br>• Nakabubuo ng mga paraan upang maituwid ang paggawa ng mga nakalalabag sa karapatang pantao | | |
| **PAKSA** | **Karapatan at Tungkulin: Mga Paglabag sa Karapatang Pantao** | | |
| **PAGPAPAHALAGA** | **PAG-AALALA PARA SA KABUTIHANG PANLAHAT** | | |
| **MGA SANGGUNIAN** | • (n.a.). EsP 9 LM Draft (2014). Retrieved July 16, 2018 from https://docs.google.com/file/d/0B_TibwEltyeuVThqbkZILVoxMW8/edit<br>• Deped. (2016). K to12 Gabay Pangkurikulum EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO Baitang 1 –10 (pp. 127-128)<br>• Marte, N. C. (n.d.). Creative Pedagogies and Approaches in Teaching Values and Values Integration in the Various Discipline (pp. 68; pp. 14-16) | | |
| **MGA KAGAMITAN** | *Laptop, PowerPoint Presentation, Projector, Internet connection* | | |
| **GAWAIN** | **Sine ng Buhay:**<br><br>**Panuto:** Suriing mabuti ang mga larawan sa *film strip*. | QR Code Scanner | http://l.ead.me/b |


| | | | |
|---|---|---|---|
| |     | | awkNG |
| **PAGSUSURI** | 1. Ano ang mapapansin mo sa bawat larawan?<br>2. May paglabag ba sa karapatang pantao sa mga larawang ito? Ipaliwanag ang sagot.<br>3. Ikaw, tunay ka bang nakasaksi ng mga ganitong pangyayari sa pamilya, paaralan, baranggay/pamayanan o sa lipunan/bansa? Ano ang ginawa mo para mahinto ang walang-awang paglabag na ito? | ProProfs (Flashcards) | https://www.proprofs.com/flashcards/story.php?title=mga-katanungan |
| **PAGPAPALALIM** | **Mga Paglabag sa Karapatang Pantao**<br><br>1. **Pagpatay sa sanggol** - Ito ay pagkitil sa buhay ng bagong silang na sanggol. Tulad ng isang babae na taga-Kenosha, Wisconsin, sa Amerika, na nahatulan ng sampung taon na pagkakabilanggo sa salang pagpatay sa kanyang bagong silang na anak. Ipinanganak niya ang sanggol nang buhay ngunit isinilid niya ito sa isang basurahan sa hindi malamang kadahilanan. Kinasuhan siya ng first-degree intentional homicide.<br><br>2. **Pang-aabuso sa bata** - Ito ay ang pagmamaltrato sa mga bata pati na ang sapilitang pagpapagawa sa kanila ng mga krimen. Mayroong mga sindikato na ginagamit ang mga paslit sa mga gawaing masama tulad ng pagnanakaw, pagtutulak ng droga at *cyber sex.*<br><br>3. **Diskriminasyon at karahasan sa kababaihan** - Sa larangan ng *showbiz* at kahit saang panig ng mundo ang kababaihan ang lumalantad at walang takot na nagsasabi na sila ay biktima ng pisikal at sekswal na pang-aabuso ng kanilang mga kabiyak. Ito ay labag sa karapatan ng mga babae.<br><br>4. **Pagwawalang-bahala sa mga may kapansanan** - Ito ay hindi makatwirang pagtrato sa mga taong may kapansanan. Isa dito ay ang hindi pagbibigay ng kaukulang pansin sa kanila sa lugar tulad sa loob ng tren o di kaya ang hindi pagtanggap sa kanila sa larangan ng trabaho.<br><br>5. **Diskriminasyong pangkasarian** - Hanggang sa kasalukuyan, may mga nangyayari na ang kasarian ang | Popplet (Mindmap) | http://popplet.com/app/#/4839811 |


<table>
<tr>
<td></td>
<td>batayan upang matanggap sa trabaho. Usaping stereotyping sabi nga sa wikang Ingles kung saan binibigyan o nilalagyan ng ganap na kategorya o kahulugan ang isang tao o bagay. Ito ay may kinalaman din sa kultura. Halimbawa ay ang mga Tsino sa una. Mas nanaisin ng ama na magkaroon ng anak na panganay na lalaki sa halip na babae. Ngunit ayon sa pag-aaral mas nagiging bukas na sa kasalukuyang panahon ang mga Tsino sa pagbabago o pananaw ukol sa usaping kasarian ng kanilang mga supling.<br><br>
6. Pagbebenta o ginagawang kalakal ang tao - Laman ng pahayagan, mga bata at mga kababaihan ay ipinagbibili upang maging kasambahay o hindi kaya ilagay sa mga bahay aliwan o prostitution den.<br><br>
7. Pagkamkam ng Lupa - Ang isyung ito ay madalas nangyayari sa mga probinsiya kung saan ang lupang alam nila na pamana ng kanilang mga ninuno ay pilit inaangkin ng mga mayayamang negosyante upang patayuan ng mga nagtataasang gusali.<br><br>
8. Galit sa ibang lahi - Tulad ng naranasan ni Mahatma Gandhi nuong nasa Aprika nang minsang nakasakay siya sa isang tren. Isang malinaw na lahi ang naging pamantayan ng kawani ng tren ng siya ay pinaalis sa kinalalagyan niyang first class accommodation kung saan mayroon naman siyang tiket.<br><br>
9. Terorismo - Ang Mindanao ay kilala sa pagkakaroon ng mga terorista. Nariyan(g) nagkaruon ng digmaan sa Zamboanga. Ito daw ay dulot ng mga terorista na gusto lamang ng gulo laban sa mga sundalo ng pamahalaan. May mga pagsabog na naganap, at pagbihag sa mga tao at mga turista ay ilan lamang sa tinatawag natin na terorismo.<br><br>
Ang karapatang pantao na kaloob ay hindi pansarili lamang. Ang kaganapan nito ay nasa pakikipagkapwa-tao sa lipunan. Kapag ang isang tao ay mabuting nakikipag- ugnayan sa kapwa niya, magdudulot ito ng kaligayahan, kapayapaan at pagkakaisa.</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>PAGLALAPAT</td>
<td>Panuto: Maghanda ng isang action plan. Ang layunin nito ay maging tiyak sa pagsasabuhay ng mga tungkulin kaakibat ng karapatang pantao.<br><br>
Pormat:
<table>
<tr><th colspan="5">K.A.T ACTION PLAN para sa taong ________</th></tr>
<tr><td>Kaganapan o Pangyayari</td><td>Layunin</td><td>Gawain</td><td>Time Frame</td><td>Komentaryo</td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table></td>
<td>Canva (T-sheet)</td>
<td>https://www.canva.com/design/DADCZElgV7s/o7ZJHS4en1y87IV0uj9aXQ/view?utm_content=DADCZElgV7s&utm_campaign=designshare&utm_medium=link&utm_source=sharebutton</td>
</tr>
</table>

| | | | |
|---|---|---|---|
| **PAGSUSULIT** | **Panuto:** Basahin at suriin ang mga pangyayari. Pumili sa kung ano ang nararapat mong gawin ayon sa Likas na Batas Moral.<br><br>1. Nakita mo ang iyong nakatatandang kapitbahay na pinapalo ang kanilang pusa sa kadahilanang itinakbo nito ang pagkain nila na nasa hapag-kainan.<br><br>a. Kukuhanin ko ang pusa at kakalingain ko ito sa aming tahanan.<br>b. Kukuhanan ko nang video ang pangyayari at ia-upload sa Youtube.<br>c. Aawatin ko ang aming kapitbahay bago pa niya lalo pang masaktan ang pusa.<br>d. Papanoorin ko na lang ang pananakit ng matanda dahil maysala ang pusa.<br><br>2. Isang lalaking de-kotse, pinagagalitan ang isang matandang drayber dahil sa hindi pagparada nang tama ng kanyang dyip. Habang pinagsasalitaan nang hindi maganda ang matandang drayber ay naroon sa tabi niya ang kaniyang paslit na apo.<br><br>a. Panonoorin ko ang nangyayaring kaganapan.<br>b. Tatawag ako ng kinauukulan tulad ng barangay tanod o pulis para mamagitan sa kanila.<br>c. Pupuntahan ko ang lalaki at ang matandang drayber. Pagsasabihan ko sila na tumigil na.<br>d. Tatawagin ko ang paslit na apo para lumayo kami sa kaganapan.<br><br>3. Kayong magkaka-eskuwela ay nasa paborito ninyong kainan. May pumasok na binatilyo na hindi maikakailang ay may kapansanan sa paglalakad. Napansin mong walang bakanteng lamesa at upuan para sa binatilyo na tila uhaw at gutom na.<br><br>a. Tatawagin ko siya para umupo nang sandali sa aming lamesa habang naghihintay siya ng malulugaran.<br>b. Hahayaan ko siya at patuloy akong makikipagkwentuhan at tawanan sa aking mga kaeskwela.<br>c. Tatawagin ko ang pansin ang isa sa mga service crew para maglaan ng lugar para sa mga taong may kapansanan.<br>d. Makikipagkilala at makikipagkwentuhan ako sa binatilyong may kapansanan habang hindi pa siya nakakahanap ng lugar sa kainan<br><br>**MGA TAMANG SAGOT:**<br>1. C<br>2. B<br>3. C | Testmoz (Test Generator) – Test maker | testmoz.com/1800248 |
| | **Pagninilay:**<br><br>1. Magbigay ng halimbawa ng mga paglabag sa | Journey (Journal) | n/a – can be saved as pdf then send to gmail |

<table>
<tr><td></td><td>karapatang pantao na mayroon tayo sa kasalukuyan.<br>2. Bakit napakahalaga na maunawaan ang kaugnayan ng karapatan at tungkulin ng tao sa lipunan sa pagkatao ng tao? Ipaliwanag ang sagot.</td><td></td><td>(See output on page 6)</td></tr>
<tr><td>TAKDANG ARALIN</td><td>Panuto: Magmasid sa iyong pamilya, sa paaralan, sa barangay/pamayanan at sa lipunan/bansa ng mga paglabag sa karapatan ng tao. Itala sa tuwing makadalawang linggo kung ano ang pangyayari at ang nilabag na karapatang pantao. Maaari kang magbasa ng mga pahayagan upang ikaw ay mulat sa kaganapan. Bago matapos ang isang araw, balikan mo ang iyong tsart. Suriin kung ikaw ay may nagawa para sa mga pangyayaring iyon.
<table>
<tr><th colspan="4">KAPAMILYA, KAPUSO AT KAPATID Tsart</th></tr>
<tr><td>Petsa</td><td>Sitwasyon/Pangyayari</td><td>Nilabang na Karapatang Pantao</td><td>Maaaring Gawin Upang Maituwid ang Paglabag</td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table></td><td>CSV Editor (Table-maker)</td><td>n/a – can be saved as pdf then send to gmail (See output on page 7)</td></tr>
</table>

**Journey (Journal) sample output:**



**CSV Editor (Table-maker) sample output:**

